

# Ang Mag-aaral Kong Si RICHARD

Isinulat ni
BB. NELDA A. SIGUEZA

Iginuhit ni
JAN ARGIE A. LUMAPAY

# Copyright Page

Published by the
**LEARNING RESOURCE MANAGEMENT (LRM)**
Department of Education
Region VI – Western Visayas
**Schools Division of Silay City**
Silay City

**Copyright 2020**

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency of office wherein work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material has been developed by the Curriculum and Instruction Division (CID) of the Department of Education, Division of Silay City. It can be reproduced for educational purposes only. Derivatives of the work including creating an edited version, an enhancement or a supplementary work are permitted provided all original work is acknowledged and the copyright is attributed. No work may be derived from this material for commercial purposes and profit.

**ANG MAG-AARAL KONG SI RICHARD**

*Written by:*

**NELDA A. SIGUEZA**

*Illustrated by:*

**JAN ARGIE A. LUMAPAY**

*LR DEVELOPMENT TEAM*

**CARMEL JOY P. AUJERO**
*EPS – LRM*

**JULIET P. QUEZON,PhD**
*Division Filipino LR Evaluator*

**MARJORIE B. BASTIDA, EdD**
*Division Filipino LR Evaluator*

*Recommending Approval:*

**FEDERICO P. PILLON, JR.**
*CID Chief*

*Approved by:*

**CYNTHIA G. DEMAVIVAS, CESO V**
*Schools Division Superintendent*

This first digital edition has been produced for print and online distribution within the Department of Education, Philippines via the Learning Resources (LR) Portal by the Division of Silay City, deped.silay@deped.gov.ph

# LEARNING COMPETENCIES:

1. Nailalarawan ang elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay) (F3PB-Iib-e-4)

2. Naisasalysay muli ang binasang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod Sa tulong ng pamatnubay na tanong (F3PB-IIg-12.2)

Sa ilang taon kong pagtuturo sa pampublikong paaralan, kay Richard ko lang naramdaman ang kakaibang pag-aalala. Taliwas ito sa mga sinasabi ng mga kasamahan kong guro, maging ng mga tao sa paligid. Kesyo daw walang kwenta si Richard, tamad at mabaho pa.



Napapansin ko ngang pumapasok lang sya ng klase na hindi naliligo. Kaya’t wala man lang sa kanyang mga kaklase ang lumalapit at nakikipagkaibigan sa kanya. Madalang siyang magsalita at walang imik kapag kinakausap. Madalas din siyang lumiban ng klase ngunit sa kabila ng lahat mataas naman ang iskor niya sa mga pag- subok.





Minsa’y ako’y nagtaka dahil mahigit isang Linggo siyang hindi nakapasok kaya minabuti kong pasyalan siya sa kanilang bahay.

Doon ko natuklasan na nag-aalaga pala siya sa kanyang nanay na may sakit. Siya kasi ang panganay sa limang maliliit niya pang kapatid. Tumutulong din siya sa kanyang ama sa pagtatanim ng gulay upang may pandagdag silang pambili ng gamot ng kaniyang ina at pandagdag sa pang araw-araw nilang pangangailangan.




Doon ko napagtantong maling-mali ang sinasabi ng ibang tao tungkol sa kanya. Nahahabag ako sa kanilang sitwasyon kaya dumukot ako sa aking bag ng limang daang piso at iniabot sa kanyang ina, para kahit papaano'y may pandagdag silang pambili ng gamot at pagkain. Kahit mahinang-mahina na ay nakuha pa ng kanyang inang bumangon at ako'y yakapin sabay banggit ng "salamat" sa malat na boses.

Sa murang edad, mas matinding pagkahahabag ang naramdaman ko para kay Richard, lalo na ng masaksihan ko ang matinding kahirapan nila sa buhay.

Naisip ko rin kaagad na kapag huminto si Richard sa pag-aaral ay mas lalong wala silang mararating. Kaya minabuti kong kausapin ng masinsinan ang kanyang mga magulang na handa akong tumulong huwag lamang nitong pababayaan ang kanyang pag-aaral. Naging malawak naman ang pag-iisip ng mga ito kaya pumayag sila at nagpasalamat sa aking kondisyon.

Lumipas ang mga taon, at magtatapos na ng elementary si Richard. Nasa silid- aralan ako ng mga oras na iyon at abalang-abala para sa programa ng may biglang nagsalita sa likod ko, “Ma’am, utang ko po sa inyo ang pagtatapos kong ito. Maraming salamat po sa lahat ng tulong niyo. Kayo po ang sumama sa akin mamaya sa pagkuha ko ng aking diploma kasabay nina Inay at Itay. Maaari po ba?”, ang wika ni Richard.






Pinaunlakan ko ang kanyang imbitasyon at napaluha na lamang ako ng mga sandaling iyon. Hindi na ako nakapagsalita kaya tumayo na lamang ako sabay ng pagyakap sa akin ni Richard. “Pangako po Ma’am, magtatapos po ako ng pag-aaral para maiahon ko po ang aking pamilya sa kahirapan. Kayo po Ma’am at ang pamilya ko ang naging inspirasyon at nagturo sa akin para mangarap”, sambit ni Richard.

**WAKAS**

Ang Mag Aaral Kong si

# RICHARD